THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 "OCTOBREASTFEST" Selebrasyon ng Breast Cancer Awareness Month isinagawa

VOLUME I No. 51 Oct 31, 2022 - Nov. 06, 2022

# Ang pagbabalik ng Oktoberfest Calapan: The long wait was worth it!

ILANG TAON DIN ANG HININTAY NG MGA CALAPEÑO bago muling naranasan ang makulay, maingay, at puno ng kasiyahang Oktoberfest Calapan, at sa katauhan nga ni Calapan City Mayor Malou Flores-Morillo -- ang tita mo noon na Mayor ana ngayon -- nagkaroon ng katuparan ang matagal nang kinapapanabikan ng taumbayan, ang muling pagdiriwang ng Oktoberfest sa Calapan ngayong 2022.

Ayon kay Mayor Morilla-Flores, "handog ko ang TAMAng Kasiyahan para sa taumbayan. This event is a good opportunity to meet new friends and companion. Deserve na deserve din ng bawat isa sa atin na makapag-relax at mag-unwind. Kasabay nito, hindi lang tayo makapagdadala ng sigla at liwanag sa Calapeño, bagkus ay mabibigyan daan din nito ang makatulong tayo kasama nating mayroong munti, at nagsisimulang Negosyo. Nakapagsaya na tayo, nakatulong pa sa kapwa natin Calapeño."

Bukod sa talento ng top local bands ng lungsod na siyang nagbigay buhay sa naturang pagtitipon, bumida at tila nagging 'food festival' din ang gabing iyon dahil sa samu't-saring pagkain na tunay namang tinangkilik at nagbigay ng kabusugan sa mga bumisita. Lalo namang nagpatingkad sa nasabing Oktoberfest ang motorshow, skateboard exhibition, iba't-ibang clothing lines and boutiques at madami pang iba.

Pinuri at pinasalamatan naman ni Mayor Malou ang mga konsernadong tanggapan at departamento lalo na ang Calapan City Tourism, Culture and Arts na pinamumunuan ni Mr. Christian Gaud, gayundin ang lahat ng mga nakiisang food vendors, stall owners at artist na siyang nasa likod ng katagumpayan ng nasabing Oktoberfest, lalo't dalawang taon ding natigil ang mga malalaking pagtitipon dahil sa pandemya.












THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM

# 1st Cooperative Congress in Calapan City, pinangunahan ng Pamahalaang Lungsod




KOOPiNAS: Nagkakaisang Lakas para sa Makabuluhan at Sama-samang Pag-unlad!

Sa inisyatibo ng Calapan City Cooperative Development Office at pakikipagtulungan ng Calapan City Cooperative Development Council, ay nailunsad ang kauna-unahang Cooperative Congress sa Calapan na dinaluhan ng 21 kooperatiba nitong ika-22 ng Oktubre sa Calapan Nature Park Pavilion.

Pinangunahan ni City Mayor Malou F. Morillo at ni Mr. Denisardo T. Gasic (CALSEDECO/CCCDC Chairperson) ang Ribbon Cutting ng Cooperative Trade Fair kung saan tampok ang mga produkto mula sa iba't ibang kooperatiba sa Calapan.


Ipinakita naman ng mga miyembro ng mga kooperatiba ang kanilang pagsuporta sa Calapan City Cooperative Development Council sa pamamagitan ng paglagda sa Pledge of Commitment.

Ang nasabing gawain ay isa sa mga programang inihanda ng CCCDO at CCCDC sa pagdiriwang ng Cooperative Month.










For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# "OCTOBREASTFEST" Selebrasyon ng Breast Cancer Awareness Month isinagawa













DAHIL ANG BUWAN NG OKTUBRE ay 'Breast Cancer Awareness Month' ay isang makabuluhang programa ang inilunsad sa Lungsod ng Calapan bilang tugon pagbibigay edukasyon sa mga Mamamayan ukol sa sakit na ito.

Sa inisyatiba ng Oriental Mindoro Medical Society at pakikipagtulungan ng Philippine College of Surgeon, Philippine Society of General Surgeon, Luna-Goco Medical Center at Luna-Goco Colleges ay nailunsad ang 'Octobreastfest' Breast Cancer Awareness Month noong Oktubre 23, 2022.

Naging kaisa sa nasabing adbokasiya ang mga Motorcycle Riders Club gaya ng Law Enforcers and Riders Association of the Philippines (LERAP), Mindorenyong Mindala Dangal ng Lahi ng MIMAROPA, Mindoro Solid Riders Club at Mangyan Riders Club.
Upang muling ipaalala sa Taumbayan ang ipinagdiriwang na okasyon, sa harap ng mga mag-aaral at riders ay sinimulan ang pagpapaliwanag hinggil sa importansya ng proyekto.

Dito ay binigyan din ng pagkakataon na makapagsalita si City Mayor Malou Flores-Morillo na nagpahayag ng kanyang buong suporta sa adbokasiya kasunod ng kanyang pagbibigay payo sa kanyang mga kababayan na maging bukas ang isipan sa mga bagay-bagay tungkol sa breast cancer.

Matapos ay sinundan ito ng motorcade na umikot sa ilang barangay. Ilan sa mga kasamang riders ay mga propesyunal gaya ng mga doctors, negosyante, mga kawani at estudyante. Nakita rin ang presenya ng ilang riders na politiko tulad nina dating Vice Governor Jojo Perez, Board Member Pol Luna at kasalukuyang Bokal Bong Brucal.

Ang pag-ikot ng mga riders ay inasistihan naman ng PNP-Highway Patrol Group MIMAROPA. Konsepto rin ng Octobrestfest ang 'fund raising' upang makakalap ng pondo na maaaring itulong sa mapipiling 'indigent breast cancer patient'.

Nagtapos ang programa sa pampasayang pa-raffle ng ibat-ibang premyo kabilang na ang limang nanalo ng libreng mammography sa Luna-Goco Medical Center.

Sa panayam kay Dr. Lorman Goco, sinabi nito na maswerte ang mga taga Mindoro dahil Meron tayong sapat na bilang ng mga doktor at espesyalista na kayang gumamot ng breast cancer. Kanya ring ipinayo na importate ang check up gaya ng mammography na nakakatukoy sa posibleng pagkakaroon ng sakit na ito upang agaran itong malapatan ng medikasyon. Kanya ring pinasalamatan ang lahat ng naging kabahagi sa proyektong ito na aniya'y taon-taon na nilang gagawin.

Ilan pa sa mga personalidad na tumulong ay sina Dra. Nanet Goco, Ret. Col. William Destura ng College of Criminolog, Ms. Belle Evangelista at Mr. King Morillo.



THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 51 Oct. 31, 2022 - Nov. 06, 2022

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *BFAR-National Mariculture Center Satellite Office, inilunsad na!*







BFAR-NATIONAL MARICULTURE CENTER SATELLITE OFFICE, INILUNSAD NA

BILANG SUPORTA, DUMALO ANG PUNONG LUNGSOD KASAMA SI CITY ADMINISTRATOR REYMUND AL USSAM, UPANG IHATID ANG KANIYANG KAGALAKAN SA PAGKAKAROON NA NAMAN NG ISANG MALAKING BIYAYA SA ORIENTAL MINDORO

PORMAL NA INILUNSAD ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources - National Mariculture Center ang kanilang Satellite Office sa BFAR - MIMAROPA Regional Office, na dinaluhan naman ni City Mayor Malou F. Morillo, ika-26 ng Oktubre.

Itinataguyod ng BFAR na magkaroon ng Mariculture Parks sa buong Pilipinas at upang tuluyang umusbong ito sa probinsya ng Oriental Mindoro, ay inilunsad ang National Mariculture Center Satellite Office na matatagpuan sa sa Mindoro Shrimp Hatchery Complex sa Bongabong, Oriental Mindoro.

Ito ay pinangunahan ni Dr. Jericardo S. Mondragon (NMC Center Chief) at Mr. Elizer Salilig (Regional Director, BFAR MIMAROPA).

Bilang suporta, dumalo ang Punong Lungsod, kasama si City Administrator Reymund Al Ussam, upang ihatid ang kaniyang kagalakan sa pagkakaroon na naman ng isang malaking biyaya sa Oriental Mindoro.

Itinayo naman ang nasabing satellite office upang maging mas madali ang pagpapaabot ng mga serbisyong tutugon sa mga usaping may kinalaman sa mariculture partikular na sa mga stakeholders.

Ang Mariculture Park ay isang community-based project at industrial state concept na inilunsad upang makatulong sa mga mangingisda at sa produksyon ng iba't ibang isda sa pamamagitan ng fish cage farming, sea ranching, at paggamit ng aquaculture technologies.

